まんがでわかる

Tagalog
タガログ語版


# 外食業の安全衛生


**Alamin Mula sa Komiks**

**Kaligtasan at Kalusugan sa Industriya ng mga Restawran at Kainan**










Bilang ng mga kaso ng aksidente o pinsala

| | | |
|---|---|---|
| 1 | Nadapa | 1,467 na kaso |
| 2 | Nasugatan/nagasgasan | 1,154 na kaso |
| 3 | Nakahawak ng mainit/malamig na bagay | 762 na kaso |
| 4 | Epekto ng aksyon / pinilit na aksyon | 402 na kaso |
| 5 | Iba pang dahilan | 324 na kaso |

Pinagmulan: "Pag-analisa ng Kalagayan ng Aksidente at Pinsala sa Taong 2018: Lugar ng Pagsisilbi sa mga Customer at Libangan (Kasama ang mga Kainan)" ng Ministry of Health, Labour and Welfare (Ministro ng Kalusugan, Paggawa at Kapakanan) (Narebisa Mayo 2019)




Oo nga.
Unang-una, ang pag-usapan natin ang mga nadapa.
Maraming kaso kung saan nadulas dahil sa basang sahig
O natalisod habang may dalang gulay at ibang bagay o sangkap
Kahit nagmamadali, dapat mag-ingat sa trabaho, di ba?
Dapat mag-ingat lalong-lalo na sa oras na puno ang kainan ng customer o panauhin.



Paano kaya maiiwasan ang nadapa?
Unang-una, mahalaga ang pagliligpit at pag-aayos ng mga gamit sa sa kapaligiran natin.
Pag-aayos (Seiri) / Pagsasalansan (Seiton)/ Paglilinis (Seisou)/ Pananatili ng kaayusan (Seiketsu)
4S
Nakakatamad naman magligpit at mag-ayos...
Hahaha!
Sa madaling salita, mabuti kung hindi madapa, di po ba?
Ano kamo?
Mahalaga ang lumikha ng lugar ng trabaho kung saan hindi sarili lamang natin, kundi kahit sino ay hindi madadapa!
O-opo!


Hindi lang yun, maraming mga customer sa mga kainan.
Kapag nadapa tayo malapit sa inuupuan ng mga customer, baka pati ang customer ay masugatan, kaya kinakailangan ang ibayong pag-iingat.
Talagang mahirap kung pati ang customer ay madamay.
Bilang hakbang…
Bukod sa 4S, mainam din maglagay ng gomang apakan sa mga mapanganib na lugar upang maiwasan ang pagkakadulas.
危
Pagkatapos, lagyan ng sticker ang lugar na yun.


Anong uri ng pinsala ang mayroon sa kategorya ng "Nasugatan/nagasgasan"?
Halimbawa, nahiwa ang kamay sa nabasag na pinggan o baso.
O nahiwa ang daliri ng kutsilyo dahil hindi tinitingnan nang mabuti ang ginagawa.
Parang ang sakit!
Ngayon, tingnan natin
カチッ……
ガーッ
おおっ
Wow...
Nang saglit
Ang aktwal na lugar ng trabaho

# Halimbawa 1: Kusina




Ay!
Anong ginawa mo?!
ぴゅーっ
Mukhang di naman grabe ang sugat.
Okey na dito.
Maghugas ka na lang ng pinggan.
Sorry po...
Ang malas ko naman.
しょぼ〜ん
ジャブ
ジャブ
ジャブ


Parang sumasakit ang kamay ko.
Ay, ito yun hinahalo dapat sa tubig bago gamitin!
業務用
食器用洗剤
高濃度
Ang bilis dumami ng hugasin.
Kapag patuloy ito sa pagdami, mahuhuli ako sa kausap ko.
Masakit pero bibilisan ko na lang.
Tapos!
Good job!
ぴゅ〜ん
……


Ayyy!!
Ang kamay ko!
Pati braso mo namumula!
Pumunta ka na sa ospital!
Pinsala dahil sa kemikal, ano?
Sinabihan ng doktor na kailangan ng mahabang gamutan
Ang malas ko talaga!
Pagkatapos ng ilang araw...
Nag-alala ako sa iyo!
Huminahon po kayo, sir.
Ay, okey...


Habang gumagamit ka ng matatalim na bagay, mag-pokus ka sa ginagawa mo!
上司
報告
Magbigay-Alam sa Nakakataas
Kapag nasugatan ka, sabihin mo kaagad sa nakakataas sa iyo.
Sa ating restawran, tuwing maghuhugas ng pinggan, patakaran ang magsuot ng guwantes.
業務用
食器用洗剤
高濃度
Kapag napansin mo na namumula ang balat mo, ipaalam mo sa nakakataas sa iyo upang patingnan ka sa doktor.
Ang pagsunod sa mga patakaran ay ang pag-aalaga sa ating sarili!
Opo....
しょんぼり
Inaasahan kita ha.
Kuya!
Kayang-kaya mo yan! Galingan mo!
Gagalingan ko!
Parang mga baliw…

# Halimbawa 2: Kainan







Ang bigat...
Hoy Kuya, okey ka lang ba?
Salamat sa inyong paghihintay sa ramen!
Ay!
Ang init!!!



Boss, pasensya ka na, ngayon lang ako dumating....
...!!
Sorry po! Lilinisin ko kaagad!
Hindi ba kayo nasaktan?
... !
Huminahon ka.
Pasensya na po…
Kukunin ko ang walis at pandakot.
Salamat po.
Nabasag ang mangkok...


Ahhh!
Aray!
Hay naku.
Eek!
Geez...
Kapag abala sa dami ng gawain, lalong-lalo tayo dapat mag-ingat.
Tuwing maraming gawain, mas lalong dapat gawin ang 4S!
Pag-aayos (Seiri)
Pagsasalansan (Seiton)
Paglilinis (Seiso)
Pananatili ng kaayusan (Seiketsu)



Huwag kang magbubuhat ng maraming plato nang sabay-sabay kasi pwedeng sumakit ang likod mo!
Kapag napaso ka, kaagad banlawan ng malamig na tubig!
Huwag hawakan ang basag na pinggan o baso nang walang proteksyon ang kamay mo!
Kahit kailanman, mahalaga ang pinakasimpleng patakaran.
Kapag sinunod mo ang mga patakaran
Mapo-protektahan mo ang sarili mo at ang mga customer!
Talaga bang naiintindihan mo na?
Suskopo!
Opo!


# Halimbawa 3:Pagbubuhat ng gamit




May problema ba ang likod mo?
Nasobrahan yata ako ng pagbuhat sa mga sangkap.
Okey lang ako! Asahan mo ako sa pagbuhat ng mabibigat!
Hindi yan pwede sa mga patakaran dito.
Pero kaya ko naman ...
Haa?
Nakalimutan mo ba ang mga patakaran?
Kung gagawin mo lang din naman, ang patakaran ay gumamit ka ng push cart.



Hindi mo pwedeng balewalain ang mga patakaran.
夢
Okey!
メラメラ
Kapag ganito, madali kong matatapos ang trabaho.
Hoy!
Hwag mong pilitin ang di mo kaya.
Magbuhat ka lang ng paunti-unti...
Huwag kayong mag-alala!
Ayun!
Hala... Hindi ko makita ang harapan...
ガラガラ
Ay!



Hindeeeeee!
Aray!
Huh?
Delikado yan, di ba?!
Eek!
Hay naku...




Kapag magbubuhat ng mabibigat na bagay, gumamit ng push cart.
Pero, kapag masyadong mataas ang pagpapatong-patong ng mga kahon...
Limitado ang makikita mo kaya't mapanganib ito.
NG
OK
Siguraduhin ang dadaanan mo bago ka magbuhat.
Opo.
しょぼ～ん
Mahalaga nga ang galingan mo ang trabaho.
Pero mahalaga rin ang pagkilos nang mahinahon o maingat.
Para rin yan sa kinabukasan mo, okey?
Gagalingan ko po!
Talagang napaka-positibo nya sa buhay, ano?
Sabagay, OK nga yan!




## Mga punto na dapat ingatan sa industriya ng mga restawran at kainan


**1** Huwag tanggalin ang mata sa ginagawa.




**2** Ipatupad ang 4S nang lubusan.



**3** Mag-ingat sa nabasag na gamit sa pagkain.




**4** Gumamit ng trolley o pushcart para sa pagdadala ng mga gamit.






## Industriya ng mga restawran at kainan



**Mag-ingat din tayo sa mga ganitong bagay!**

## Mga payo para sa kaligtasan at kalinisan!

**1** Iwasan ang ma-heat stroke!




**2** Ingat para sa hamog na nagyelo na dulot ng dry ice!



**3** Maglagay ng gomang apakan tuwing umuulan!





**Alamin sa mga drowing at imahe**


Alamin natin ang nagtatagong panganib sa lugar ng trabaho!

# Pagsasanay sa Pag-iwas sa Panganib
## (Kiken Yochi Training: KYT)


**Q** Subukan natin isipin kung saan at alin ang mapanganib!




**A** Ito ang mga mahahalagang punto tungkol sa panganib!




1. Mapanganib ang hindi pagtingin sa ginagawa habang nagtatrabaho.



2. Kapag mabigat ang bagay, bitbitin na lamang ito ng paunti-unti.



3. Ipatupad ang 4S nang lubusan.



**Pag-isipan natin kung mayroon pa bang ibang mahalagang punto tungkol sa panganib.**

# Alamin Mula sa Komiks
# Kaligtasan at Kalusugan sa Industriya ng mga Restawran at Kainano


Inilathala Marso 2020

Naglimbag: Ministry of Health, Labour and Welfare
(Ministro ng Kalusugan, Paggawa at Kapakanan)

Nagplano: Mizuho Information & Research Institute, Inc.

Nangasiwa: Kumite sa Paglikha ng Materyales Para sa Pag-aaral Tungkol sa Kaligtasan at Kalinisan sa Lugar ng Trabaho

Lumikha: Sideranch Inc.

厚生労働省

Ministry of Health, Labour and Welfare

**Para sa katanungan tungkol sa mga materyales:**

Ministro ng Kalusugan, Paggawa at Kapakanan, Kawanihan ng Pamantayan sa Paggawa, Departamento ng Kaligtasan